sumaway laban sa [pagkain ng] bawat may pangil mula sa mga mabangis na hayop at laban sa [pagkain ng] bawat may kukong pandagit mula sa mga ibon.}

Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay: sumaway laban sa [pagkain ng] bawat may pangil mula sa mga mabangis na hayop at laban sa [pagkain ng] bawat may kukong pandagit mula sa mga ibon.}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagkain ng bawat mabangis na hayop kabilang sa mga hayop na naninila na nanghuhuli sa pamamagitan ng pangil ng mga ito at laban sa pagkain ng bawat ibon na pumuputol at dumadaklot sa pamamagitan ng kukong pandagit.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/64643